# VALENZUELA CITY
# ULAT SA BAYAN
# 2004-2013



MABUTING PAMAMAHALA

MATATAG NA EKONOMIYA



# Mga Nilalaman

Page


03 **Mensahe ng Punong Lungsod Sherwin T. Gatchalian**
Paglilingkod ng Tapat, Valenzuelano Kaakibat

04 **Pamahalaan at Ekonomiya**
Tapat na Pamamahala, Matatag na Ekonomiya

10 **Edukasyon**
Pandayan ng Kaisipan, Pundasyon ng Kagalingan,
Liwanag ng Kinabukasan

16 **Kalusugan**
Mabuting Kalusugan, Tibay ng Sambayanan

22 **Kagalingang Pantao**
Suportang Bukas-Palad sa Valenzuelanong Nangangailangan

26 **Imprastruktura**
Matatag na Imprastruktura,
Tulay at Daan sa Maunlad na Valenzuela

27 **Disiplina at Kalinisan**
Maayos na Kakalsadahan, Malinis na Kapaligiran

28 **Kapayapaan, Kaayusan, Kaligtasan**
Nakikita, Nararanasan, Nararamdaman

32 **Pabahay**
Bagong Bahay, Bagong Buhay,
Pamilyang Valenzuelano sa Pamayanang Disiplinado

36 **SIKAT! Sining, Isports, Kasaysayan at Turismo**
Makulay na Bayan, Lipunang may Katuturan

38 **Mga Pagkilala**


VALENZUELA CITY
## ULAT SA BAYAN 2004–2013
MABUTING PAMAMAHALA
MATATAG NA EKONOMIYA


*Publisher* **City Government of Valenzuela**
*Chief Executive Officer* **Mayor Sherwin T. Gatchalian**
*Public Information Officer* **Ahna F. Mejia**

*Editor-in-Chief* **Mark Lester S. Cayabyab**
*Associate Researcher and Writer* **Beng S. Bautista**
*Contributing Researchers*
**Zyan F. Caiña, Liezel N. Fulgencio, Howard T. Ponce**
*Photo Editor* **Jonathan A. Licuan**
*Art and Design Director* **Joel A. Soriano**

Ang Valenzuela City Ulat sa Bayan 2012: Mabuting Pamamahala, Matatag na Ekonomiya ay inilathala ng Publications Unit ng **Public Information Office**, katuwang ang **City Planning and Development Office**, na may tanggapan sa Valenzuela City Hall, Barangay Karuhatan, MacArthur Highway, Valenzuela City, Philippines.


May karapatang sipi ang City Government of Valenzuela.



valenzuela.gov.ph
info@valenzuela.gov.ph
Valenzuela City
@valenzuelacity
(02) 352-1000 local 1102
(02) 292-9168

# PAGLILINGKOD NG TAPAT, VALENZUELANO KAAKIBAT





## Sa mga mahal kong Valenzuelano,

Isang malaking biyaya at pagkakataon ang mapabilang sa isang bayang maunlad. Ang kaunlaran ng ating bayan ay bunga ng mahigpit na pagkakaisa ng pamahalaan at ng mamamayan.

Sa kabila ng mga inaning parangal ng ating mahal na lungsod, ito ay lubhang sinubok ng hamon ng kalikasan sa maraming pagkakataon. Ang pagbaha ang pinakamatinding suliraning ating kinaharap dulot ng malalakas na bagyo na siya ring naranasan ng iba pa nating mga kababayan mula sa iba't-ibang lugar ng bansa.





Ikinagagalak ko pong ibalita sa inyo na ang ating proyektong Valenzuela - Obando - Meycauayan (VOM) Flood Control Project na may nakalaang pondo na ₱1.598 bilyon ay naaprubahan na ng ating Kgg. na Pangulong Benigno Aquino Jr. matapos ang ating maigting na pagtalakay ukol dito.

Sa pagsisimula ng taong 2013, sinimulan na ng Department of Public Works and Highways (DPWH) ang malawakang proyekto upang masolusyunan na ang suliranin sa pagbaha sa ilang bahagi ng ating lungsod at sa mga karatig na bayan.



Sa lahat ng pinagdaanang pagsubok at unos, unti-unti nating nadama ang pagbangon, at sa lahat ng pinagdaanang hamon, sama-sama nating nakamit ang tagumpay. Lubos akong nagpapasalamat dahil sa inyong di matatawarang suporta at sinamahan ninyo ako sa loob ng siyam na taon ng aking panunungkulan sampu ng ating konseho, management team at mahigit 7,000 kawani ng ating pamahalaang lungsod.

Ang pagkakaisa ang ating naging sandata upang maisulong ang ating adhikain na maiangat ang antas ng pamumuhay ng bawat Valenzuelano. Nawa'y ipagpatuloy natin ang ating magandang nasimulan para sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng ating mahal na lungsod.

Sa pamamagitan ng pahayagang ito, ikinalulugod kong iulat sa inyo ang mga proyekto at programa ng ating local government unit mula taong 2004 na sama-sama nating napagtagumpayan bunga ng pagtupad sa aming tungkulin na kayo ay mapaglingkuran ng tapat, kalakip ang inyong pagganap at pakikiisa bilang responsableng mamamayan ng Lungsod ng Valenzuela.

SHERWIN T. GATCHALIAN
Punong Lungsod

















**BULWAGANG GERONIMO S. ANGELES**
**(Finance Center)**
P28,330,179.24
*Pinasinayaan noong 2006*




**EXECUTIVE BUILDING,** *2008*
**PEOPLE'S CENTER AND LEGISLATIVE BUILDING,** *2011*
P129,615,609.50
*Mas sentralisado ang paglikha ng mga kinakailangang ordinansa ng Sangguniang Panlungsod sa iisang tahanan. Nandito rin ang mga tanggapang frontline services gaya ng Health, Social Welfare and Developmet, Public Employment at Special Projects.*

# PAMAHALAAN at EKONOMIYA

## Maayos na mga Bahay Pamahalaan, Tahanan ng Serbisyo para sa Mamamayan

Sa patuloy na paglaki ng populasyon at yumayabong na ekonomiya, naging masidhi ang pangangailangan ng lungsod para sa mas maayos na imprastrukturang pampamahalaan na magsisilbing mga sentro ng pag-aksyon ng lokal na gobyerno. Ang mga gawaing pambayang ito ay bunga ng tamang pagplano at wastong paggastos sa kaban ng bayan bilang sagot sa pangangailangan ng mamamayan para sa tapat at hustong serbisyo publiko.

Dito isinilang ang kampanya kontra graft and corruption. Sa loob ng siyam na taon, nilinis ang hanay ng mga kawani at pumalit ang mas propesyunal na Serbisyo Valenzuelano sa likod ng mga imprastrukturang ito.





SANGGUNIANG PANLUNGSOD SESSION HALL



**SOCIAL HALL**
P11,952,673.24
*Nagsisilbing bulwagan para sa mga pampublikong pagtitipon o okasyon, maging ng mga kumperensya at training na binuksan noong 2009.*



## BULWAGANG KATARUNGAN
**P31,400,458,39**

*Ang lumang City Hall na isinaayos upang maging permanenteng tahanan ng Bulwagang Katarungan (Hall of Justice). "Pinakamaganda at pinakamaayos" ang bungad ni dating Chief Justice Reynato Puno nang kanya itong pasinayaan noong 2009. Wala na ang dating kahiya-hiyang kalagayan ng mga korte na nakapagpapabagal din sa usad ng hustisya.*




*Isang mass wedding na pinangunahan ni Executive Judge Nena Santos sa Courtroom 2-B ng bagong Justice Hall, Hunyo 2010.*

## COMELEC BUILDING IMPROVEMENT
**P9,964,522.68**

*Inayos ang mga tanggapan sa annex building ng city hall upang gawin itong mas maaliwalas at bukas sa paningin ng mga mamamayan base sa pinaiiral na transparency ng lungsod.*






## ANG BAGONG VALENZUELA CITY HALL
*MacArthur Highway, Barangay Karuhatan*

## VALENZUELA CITY POLICE STATION
**P36,263,736.02**

*Kaakibat ang mga training at kagamitan, ang isang modernong tahanan para sa kapulisan ay susi para mapalakas ang kanilang kapasidad sa pangangalaga ng kapayapaan at kaayusan sa lungsod.*






## CITY JAIL
**P37,576,971.22**

*Sa pagkakagawa ng bagong city jail, magiging mas malaki at makatao ang pasilidad nito para sa mga nakapiit at maayos silang maihanda ng lungsod para sa kanilang rehabilitasyon.*

## CITY EXTERNAL SERVICES OFFICE, COMMAND AND TRAINING CENTER
**P1,012,690.45**

*Mas mabisang mapaglilingkuran ang taumbayan sa pagkakaroon ng sentralisadong pamamahala sa mga kritikal na serbisyo gaya ng Rescue, Disaster Preparedness, Waste Management, Traffic Management at iba pa. Ito rin ang magsisilbing "mata" ng lungsod kapag naisaayos na ang CCTV system sa mga pampublikong lugar.*



## CITY CENTRAL WAREHOUSE AT BAGONG CITY MOTORPOOL
**P50,403,599.57**

*Sagot nito ang wastong pagsinop at imbakan ng mga mahahalagang dokumento, materyales at mga suplay ng iba't-ibang tanggapan ng city hall. Ito rin ang nagsisilbing talyer ng mahigit 900 iba't-ibang sasakyang pambayan ng lungsod gaya ng mga trak ng basura, ambulansya, police mobile at mga service vehicle.*






Naging masigasig ang lungsod sa pagsasakatuparan ng mga karampatang reporma at inobasyon na may layuning maitaas ang kita ng lokal na pamahalaan, maiangat ang antas ng serbisyo sa publiko at mapanatili ang tiwala ng mamamayan. Kaya naman bilang resulta sa pagpapatatag sa ekonomiya, mas napaigting ang mga programang pang-edukasyon, kalusugan, kagalingang pantao, kapayapaan at kaayusan, imprastruktura, kalinisan at iba pang proyekto para sa kabutihan ng mga Valenzuelano. Ito ang plataporma ng 3S Program.

## Simpleng Proseso

Dahil mahalaga ang oras ng mamamayan at mga negosyante, sinikap ng pamahalaang lokal na gawing simple ang mga proseso at bawasan ang mga requirement sa pagkuha ng mga permit.

*Idinidetalye ni Mayor WIN Gatchalian ang 3S Program sa mga kinatawan ng prestihiyosong Galing Pook sa city hall nang inspeksyunin nila ang mga sistema at proseso nito, Nobyembre 2012.*

**Kaukulang Panahon para Makakuha ng Iba't-ibang Permit**

| Tipo ng Permit | 2004 | 2013 |
|---|---|---|
| Business Permit | 14-21 Days | 30 Minutes |
| Transfer of Tax Declaration (Assessor's Office) | 2 Days | 15-30 Minutes |
| Building Permit | 7 Days | 2-3 Days |
| Occupancy Permit | 7 Days | 2-3 Days |



Noon, 21 araw
**Ngayon, Business Permit**
sa loob lang ng **30minuto.**

## Speed ay Sigurado

Para sa mas mabilis at hustong serbisyo sa mga Valenzuelano, nilinang ang *information technology* sa pamahalaang lungsod, gaya ng paggamit sa Geographical Information System o GIS at ***Online Real Property Tax Billing*** para sa amelyar at maging ng **PESO Online** para sa mga Valenzuelano na gustong makahanap ng trabaho. Pati pagbabayad sa ilang transaksyon, posibleng gawing pa-text text na lang sa pakikipagtulungan ng United States Agency for International Development (USAID).

Online **BILLING** for Real Property Tax

mobile **PAYMENT**



Sa pamamagitan ng satellite technology, ang **Geographical Information System (GIS)** ay ginagamit ng Office of the Assessor upang mas masukat ng tama at malinaw na matukoy ang mga underdeclared at undeclared na mga lupain sa lungsod. **Tamang assess, tamang buwis, tamang asenso.**

# Serbisyong Garantisado

Mas kuntento na ang mga Valenzuelano sa makabagong serbisyong ramdam nila ngayon dahil sa nararanasan nilang serbisyong nararapat para sa kanila. Kaya naman naging mabuting ehemplo pa ang lungsod para sa ating mga kapatid na pamahalaang lokal.





Ang **PESO Online** ang kauna-unahang job matching online initiative para sa isang local government unit sa bansa. Madali lang ang bumuo ng profile na siyang magiging susi upang hanapan ng job matches ng system ang isang aplikante. Kapag mayroong mga trabaho na tugma sa qualification ng isang aplikante, saka sila ini-notify ng staff ng City Public Employment Service Office staff para sa job requirements. Iwas tapon-oras ito sa mga aplikante sapagkat ang database na ang maghahanap ng trabahong pupuwede sa kanila.

*Para makalikha ng profile sa PESO Online, pumunta lamang sa*
**www.valenzuelako.com/pesoonline/register.php.**

"Mas maraming Valenzuelano na nagbabayad ng tamang buwis, mas malakas ang kapasidad ng lungsod para tustusan ang pangangailangan ng mga tao."

***- Mayor Sherwin T. Gatchalian***
***38th Philippine Business Conference and Expo***
***October 11, 2012, Manila Hotel***




## Management Team

*Binubuo ng mga department head na naglilingkod ng tapat at lubos upang mapatakbo ng maayos ang city hall. Bukas ang kanilang mga tanggapan sa mga suhestyon, rekomendasyon at maging sa reklamo ng mga Valenzuelano para magbigay aksyon.*

## Kapatiran sa Good Governance

Sa tulong ng mga sisterhood agreement, naging daan ang masiglang pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang local government units (LGU) ng Valenzuela City upang matuto ng mga **"best practices"** at makaiwas na rin sa "hindi matagumpay na practices" sa pamamahala. Mula lamang sa dalawang LGU noong 2008, nasa 35 na ang sister LGUs ng Valenzuela at tumatayong "kamag-aral" sa good governance.




*Natatanging karangalan ang pagpapasinaya ng Valenzuela Park sa Bucheon City, South Korea, May 1, 2009.*




## Isumbong Mo Sa Ethics Board

Naiiba ang Valenzuela City sa ibang lokal na pamahalaan dahil sa pagbuo ng sarili nitong Ethics Board noong 2005. Isa itong espesyal na komite na binuo ni Mayor WIN Gatchalian upang dinggin at suriin ang mga reklamo hinggil sa mga opisyal at empleyado nito. Mayroon na itong tinugunang 136 na kaso, 43 rito ang nauwi sa pagkakatanggal sa pwesto ng inireklamo.

## Bukas na Komunikasyon
## *Straight to Mayor WIN*

Magmula sa mga de-salaming dingding ng mga opisina hanggang sa feedback boxes, text hotline, community newspaper, Mayor WIN Action Desk, "People's Day" sa city hall, mga mamamayan na kinatawan sa pamamahala at regular na mga "Ugnayan sa Bayan" sa mismong mga barangay, naging **bukas ang komunikasyon** sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela at taumbayan.




Dagdag pa rito ang kapangyarihan ng Internet at social media. Kumpleto sa impormasyon ukol sa mga aktibidad at transaksyon ang city website na **www.valenzuela.gov.ph** para tiyakin ang right to information ng publiko.



Aerial view ng Valenzuela City Hall sa Brgy. Karuhatan at bahagi ng Brgy. Malinta sa kahabaan ng MacArthur Highway, Marso 2012.

# Vibrant City
# Business-Friendly City



"Industrial tourism." Mga college students sa planta ng Splash Corp., sa Brgy. Canumay West, isa sa mga top large company taxpayer sa lungsod.




Ang North Luzon Expressway at ang CDO Foodsphere, Inc. na laking Valenzuela, Hunyo 2012.



Isang sari-sari store sa Disiplina Village, Mayo 2011. Kahit sa maliit na negosyo, pantustos sa mga pangangailangan ang bunga.

## Bilang ng mga Kumuha ng Business Permits




| | 2004 | 2005 | 2006 | 2007 | 2008 | 2009 | 2010 | 2011 | 2012 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Bilang ng mga kumuha ng Business Permits | 6,965 | 9,809 | 9,286 | 9,745 | 9,520 | 9,803 | 11,128 | 13,021 | 15,358 |

Source: BPLO-Valenzuela


Halos dumoble, o 86.9%, ang bilang mga negosyo, malaki man o maliit, na nagpaparehistro sa lungsod. **Mula 6,965 lamang noong 2004, umaabot na ito ngayon sa 15,358 para sa taong 2012.**

## Buwis Para sa Bayan

Bukod sa mga mahahalagang bahaging ginagampanan ng mga negosyo sa lungsod gaya ng pagbibigay-serbisyo o produkto para sa publiko at paglikha ng mga trabaho para sa mga mamamayan nito, ang kanilang mga kontribusyon sa kaban ng bayan tuwing magpaparehistro ng business permit ay nakatutulong sa pagpapatakbo ng lokal na ekonomiya. Ganun din ang mga buwis na binabayaran para sa real property ay sumasangkap sa ikauunlad ng Lungsod ng Valenzuela.




*Source: City Planning Development Office (CPDO)*




*Source: City Planning Development Office (CPDO)*

Mula 2004, lumobo sa 108% ng kabuuang kita lungsod. Mula lamang sa P864 milyon, umaabot na ito sa P2.1 bilyon nitong 2012.

Buwis na binabayaran, pondong sinisinop,
tuloy-tuloy na serbisyo para sa mas maunlad na Valenzuela.




*Source: City Planning Development Office (CPDO)*



*Isang construction project sa lungsod, Hulyo 2010.*



*Charter Day Mega Job Fair sa City Astrodome, Pebrero 2012.*

## May Trabaho Para Sa'yo

Sa mga buwanang two-day mega job fair ng lungsod, karamihan sa 3,500 aplikante na dumadagsa dito ay natatanggap para sa iba't-ibang local at overseas career opportunities. Nag-iikot-ikot din ang City Public Employment Services Office (PESO) sa mga barangay para mas marami ang magkaroon ng pagkakataong makapaghanap ng trabaho.




| | 2005 | 2006 | 2007 | 2008 | 2009 | 2010 | 2011 | 2012 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Bilang ng mga natulungang magkatrabaho ng PESO | 12,311 | 11,620 | 17,951 | 21,475 | 20,142 | 16,886 | 20,906 | 24,893 |

*Source: PESO Office, Valenzuela*



*M*ahalaga ang pagpapaunlad ng kaisipan at kakayahan ng mga kabataan at ng mamamayan ng lungsod kaya naman buo ang atensyong inilaan ng lokal na pamahalaan upang masigurong "highly-employable" ang mga graduate nito at lumaking may kumpiyansa sa kinabukasan.

Katuwang ang pribadong sektor, mga guro at mga magulang, hinubog ang kumprehensibong WIN Ang Edukasyon program na siyang bumago sa istruktura ng edukasyon at tumulong iangat ang kalidad ng pagtuturo sa lungsod. Naging handa rin tayo sa iba't-ibang hamon gaya ng K to 12 Basic Education Program ng Department of Education.

Higit sa mga pasilidad na ipinatayo, mga worktext na ipinamigay, mga gurong may malasakit at pinagsanay, naging mas maginhawa ang pagpasok nila sa mga paaralan sa Lungsod ng Valenzuela.

# EDUKASYON

## Pandayan ng Kaisipan, Pundasyon ng Kagalingan, Liwanag ng Kinabukasan

### Construction Boom

Kasabay ng patuloy na pagtaas ng bilang ng mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan, sumabay ang pamahalaang lungsod sa pagpapatayo ng mga classroom upang punan ang lumalaki ring pangangailangan para sa mga de-kalidad na pasilidad.


| Bilang ng mga classroom na naipatayo mula 2004-2012 | |
|---|---|
| Day Care | 77 |
| Elementary School | 246 |
| High School | 336 |
| Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) | 53 |
| Valenzuela Polytechnic College (Valpoly) | 19 |
| KABUUAN | 731 |




*Maraming nakakaalam ng sagot sa tanong ni Ma'am. Isang tipikal na klase sa Polo National High School.*

### Siksik sa Kaalaman, Hindi sa Mag-aaral

Mas maayos na nakapag-aaral ang mga estudyante dahil nasa hustong laki lamang ang kanilang klase, kumpara sa karaniwang classroom-student ratio sa National Capital Region na pumapalo sa 75 katao kada klase para sa elementary at 74 naman para sa high school.





*Source: DepEd, Valenzuela City*




| | 2004-2005 | 2005-2006 | 2006-2007 | 2007-2008 | 2008-2009 | 2009-2010 | 2010-2011 | 2011-2012 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| High School | 29,688 | 29,389 | 30,355 | 31,959 | 34,217 | 35,781 | 37,205 | 35,567 |
| Elementary | 58,939 | 59,399 | 61,603 | 63,454 | 62,285 | 66,511 | 67,452 | 67,569 |

*Source: DepEd, Valenzuela City*


## MGA BATANG MAG-AARAL SA DAY CARE AT PRE-ELEMENTARY




| | 2004-2005 | 2005-2006 | 2006-2007 | 2007-2008 | 2008-2009 | 2009-2010 | 2010-2011 | 2011-2012 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| DAYCARE | 3,986 | 4,560 | 5,069 | 5,630 | 6,073 | 7,171 | 8,092 | 5,925 |
| PRE-ELEMENTARY (KINDER AND NURSERY) | 3,353 | 3,596 | 3,229 | 3,639 | 3,441 | 3,684 | 5,250 | 9,073 |

Source: *DepEd, Valenzuela City*

## BILANG NG MGA MAG-AARAL SA PLV AT VALPOLY




| | 2004-2005 | 2005-2006 | 2006-2007 | 2007-2008 | 2008-2009 | 2009-2010 | 2010-2011 | 2011-2012 | 2012-2013 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| PLV | 1,480 | 1,818 | 1,855 | 2,035 | 2,039 | 2,397 | 3,066 | 3,501 | 4,027 |
| VALPOLY | 561 | 702 | 814 | 951 | 986 | 890 | 905 | 1,341 | 1,805 |

Source: *DepEd, Valenzuela City*




*Dalandanan National High School na may 50 silid-aralan na bubuksan nitong 2013*



*Mga batang day care noong Children's Month Celebration 2010*

| Day Care Centers | 2004 | 2013 |
|---|---|---|
| | 50 | 77 ↑ |

| Day Care Teachers | 2006 | 2013 |
|---|---|---|
| | 60 | 103 ↑ |

## Mas Malapit ang Day Care Kay Bunso

Pinagtuunan ng pansin ang pagkakaroon ng maayos na day care centers na malapit sa pamayanan at kumpleto sa gamit. Maging ang 107 na day care teachers ay sinigurong handa at may sapat na kakayahang tumayo bilang pangalawang magulang kay bunso sa day care.

Patuloy naman ang Pamahalaang Lungsod sa pag-tukoy ng mga lokasyon para sa pagtatayuan ng mga nakapila pang proyektong pang-edukasyon.



*Ang Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela Annex campus na may 23 classroom, kabilang na ang bagong College of Engineering Building, na binuksan noong 2010.*



*Gen. T. De Leon National High School na may 50 silid-aralan.*



*Bagbaguin National High School na may 11 silid-aralan at binuksan noong 2011.*



*Bignay National High School na may 23 silid-aralan at binuksan noong 2009.*



*Ang bagong Vicente P. Trinidad National High School (Punturin) na may 30 silid-aralan at binuksan noong 2009.*




*Si Mayor WIN Gatchalian na inanyayahan sa ginanap ng 3rd Education Summit ng Batangas City, isang sister LGU, noong 2012 upang ibahagi ang mga accomplishment ng lungsod.*

## WIN Ang Edukasyon Program


Nakaangkla sa WIN Ang Edukasyon Program ang kampanya ng pamahalaang lokal sa sama-samang pagkilos upang iangat ang kalidad ng edukasyon sa lungsod. Sa unang usad ng programa sa pamamagitan ng isang Education Summit noong 2008 kasama ang Synergeia Foundation, nailahad dito ang iba't-ibang suliranin ng sektor na kadalasang nakatago sa mga mata ng otoridad. Ngunit dahil sa bukas sa mga suhestyon at kooperasyon ng lahat ng stakeholders, nakabuo ng mga pangmatagalang solusyon na ngayon ay tinatamasa ng lungsod ng Valenzuela.

*Sa tulong ng regular na ugnayan ng Local School Board na pinamumunuan ng alkalde, stakeholders at ng Synergeia Foundation, namamanmanan ang accomplishment ng programa. Mula sa "shotgun approach," nagiging "multi-target approach" o sakto at pulido ang paglalatag ng mga proyektong pang-edukasyon.*



## Puhunan para sa Edukasyon

Kayamanan ang turing sa mga mag-aaral sapagkat sa kanila nakasalalay ang kinabukasan ng lungsod. Kung kaya naman isang responsibilidad ang nilalaan sa kanila ang pondong nararapat.




## 582,772 worktext sa loob ng 5 taon

Tulong-tulong na binuo ng lokal na mga kinauukulan ang mga espesyal na instructional materials o worktext para sa mga mag-aaral upang tulungan silang pagandahin ang kanilang performance sa mga critical subjects gaya ng Math at English. Sa loob ng limang taon, mahigit sa kalahating milyong worktext ang naipamahagi sa mga public elementary at high school students ng libre. Bukod pa riyan ang mga notebook at iba pang kagamitan para na rin sa mga guro.



*Mga mag-aaral sa Santiago A. De Guzman Elementary School sa Brgy. Gen. T. De Leon matapos matanggap ang kanilang mga worktext para sa School Year 2011-2012.*



*Ginagabayan ni teacher ang mga mag-aaral ng Lawang Bato Elementary School habang gamit ang kanilang worktext, Setyembre 2011.*

## Mga Iskolar ng Bayan

Sa loob ng siyam na taon, halos anim na beses ang itinaas ng bilang ng mga mag-aaral na mahuhusay ngunit salat sa kakayananng makapag-aral sa kolehiyo ang napagkalooban ng Dr. Pio Valenzuela Scholarship Program. Umaabot sa 532 na kabataang Valenzuelano ang naging mga iskolar ng bayan. Simula 2009, itinaas rin ang kanilang stipend mula P20,000 hanggang sa P30,000 kada taon.




*Ilan sa mga estudyanteng benepisyaryo mula sa Batch 17 ng Dr. Pio Valenzuela Scholarship program kasama ang mga opisyal nito bago ang pagsisimula ng school year 2012-2013. Ang Batch 17 na may 148 grantees ang pinakamalaki sa kasaysayan ng programa.*



## Special Education

Naging aktibo ang pamahalaang lungsod sa edukasyon ng may 700 na mga Children with Special Needs (CSNs) na naka-enroll sa mga pampublikong paaralan. Responsibilidad ng lungsod na ipagkaloob sa kanila ang nararapat na mga kagamitan, pasilidad at maging ng training ng may 40 mga guro upang maabot nila ang kanilang kakayanan at potensyal sa kabila ng kanilang kapansanan.



*Special Children's Day Celebration 2011 sa Valenzuela City Astrodome.*

## WIN Computer Laboratories

Sa modernong panahon ngayon, bukod sa library, malaking tulong ang access sa internet upang mas mabilis at mas malawak ang pananaliksik ng mga mag-aaral. Dito angat ang mga kabataang Valenzuelano dahil pinondohan ng lokal na pamahalaan ang bawat pampublikong paaralan na magkaroon ng hi-tech na WIN Computer Laboratory. Simula 2007, naging kasangkapan na ang Information and Communication Technology (ICT) ng mga paaralang ito para tulungang maabot ng mga bata ang mga matataas na marka, gamit ang bago at top-of-the line computers dito ng libre.

| | 2007 | 2012 |
|---|---|---|
| **Bilang ng mga Computer Units na naipamahagi** | 70 | 1,426 ↑ |

*Mayroong 1,426 bago at top-of-the-line computer units ang 16 na public high schools at dalawang local colleges sa lungsod.*

## Employable High School Graduates

Makatutulong din ito upang magkaroon ng mga kaalaman at skill ang mga high school students na magagamit din nila kung naisin man nilang magtrabaho matapos maka-graduate. Magsisilbing ugat ang WIN Computer Laboratory at pinahusay na kurikulum sa paaralan upang sila ay maging "employable high school graduates" at produktibong kabataan ng lungsod.



*Ininspeksyon ni Mayor WIN T. Gatchalian ang WIN Lab ng Malinta National High School nang pasinayaan ito noong 2010.*



*Isang klase sa Valenzuela Polytechnic College (Valpoly) gamit ang WIN Lab na pinasinayaan noong 2011.*



*Ilan sa mga guro sa lungsod habang nasa kanilang training sa Ateneo de Manila University, 2011.*

## Estudyante din si Teacher

Bukod sa mga estudyante, nag-aaral din ang mga public school teachers sa pamamagitan ng master trainors' training para hasain pa ang kanilang kapasidad na pamunuan ang mga paaralan at sa pagtuturo partikular sa Math, Science at English. Katuwang dito ng pamahalaang lungsod ang Ateneo Center for Educational Development, Temasek Foundation of Singapore at National Institute for Education of Singapore. Naging kasama rin ng Valenzuela City ang Synergeia Foundation para sa karagdagan pang mga training at curriculum development. Sumailalim rin sa training ng Miriam College Institutional Network for Social Action (INSA) ang may 103 day care teachers.



*Ang ilan sa mga SPES beneficiaries para sa taong 2012 na trumabaho ng Community-based Monitoring System (CBMS) ng lungsod.*

## 11,955 Working Students (2004-2012)

Likas ang pagiging masikap ng mga kabataang Valenzuelano, lalo na ang mga nagpupursiging makapagtapos sa tulong ng ilang programa na nagbibigay pagkakataon sa kanilang maging working students. Ilan na rito ang Special Program for the Employment of Students (SPES) ng Public Employment Service Office (PESO) at ang Government Internship Program (GIP) ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO). Kumikita na sila para dagdag pantustos, nagkakaroon pa sila ng work **experience habang maaga.**







Ang dating napag-iiwanan sa National Capital Region, bumabandera ngayon ang Valenzuela City sa mga education performance indicators sa lahat ng antas dahil sa sama-samang pagtitiyagang itaas ang kalidad ng edukasyon dito at gawin itong abot-kamay ng mas nakararaming kabataang Valenzuelano.

**1st Place sa buong NCR**
National Achievement Test (NAT) para sa Elementarya, SY 2010-2011

**4th Place sa buong NCR**
National Achievement Test (NAT) para sa Sekondarya, SY 2011-2012







Sukatan ng Department of Education at ng pamahalaan ang National Achievement Test (NAT) para sa academic performance ng mga magsisipagtapos. Nakatutulong ang performance scores rito upang kilatisin pa ang serbisyong ibinibigay sa mga mag-aaral. Sa Valenzuela City, pumalo sa average score na 76.91 ang score na nakuha ng mga public elementary students para sa SY 2010-2011. Ito ang pinakamataas sa National Capital Region.

*TAGUMPAY NG ISA, TAGUMPAY NG LAHAT*
*Kasama ang mga guro at opisyal ng lungsod, nagtipon ang mga Valenzuelanong mag-aaral na nanalo ng mga parangal mula sa iba't-ibang academic at extra-curricular competitions sa loob at labas ng lungsod, March 2012.*

## Paghahambing ng Performance ng mga Public Elementary Schools sa Private 2009-2012

**Nakitaan din ng magandang performance sa National Achievement Test (NAT) ang mga mag-aaral sa pampublikong paaralan sa elementarya kung ikukumpara ito sa performance ng mga nasa pribadong paaralan.**






*"Ang technical-vocational skills, gaya ng pagwewelding at fabrication ay mayroong mataas na demand hindi lamang dito sa atin, kundi maging sa ibang bansa. Dito sa Valpoly mahahasa ang mga Valenzuelano para sa ganitong mga kaalaman na makatutulong sa kanilang pag-unlad."*


***- Mayor WIN Gatchalian, Education Summit, Valenzuela City Auditorium, Nobyembre 10, 2011***



*Engineering students ng PLV, Setyembre 2011*



*Valpoly Class of 2011*





## 4,000 PLV college graduates
## 4,223 Valpoly graduates
## ng formal at non-formal courses

Pinalalakas ng pamahalaang lokal ang kapasidad ng Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV) at Valenzuela Polytechnic College (ValPoly) upang tugunan ang pangangailangan ng mga high school graduates nito para sa mura ngunit de-kalidad na tertiary at vocational education. Hindi na nila kailangang lumayo pa ng Valenzuela City para ihanda ang kanilang sarili sa mga in-demand at high-paying jobs gaya ng sa accounting at engineering, at maging sa mga highly-skilled jobs gaya ng sa automotive at electronics.


Sa kanila naipupunla ang bagong henerasyon ng mga Valenzuelanong may talas para sa kinabukasan.



*Medalya ang naging kapalit sa ipinuhunang tiyaga at paniniwala sa sarili ng ALS student na ito sa kanyang graduation, Hunyo 2012.*




*Abot Kamay ang Pangarap sa ALS (AKAP sa ALS), Bahay Kalinga, Pebrero 2011.*



## SA ALS, HULI MAN DAW AT MAGALING, NAIHAHABOL DIN

Nangibabaw ang lungsod sa kinalabasan ng Alternative Learning System Mandatory Accreditation and Equivalency Test sa buong Metro Manila para sa 2011. Napakalaking lundag ito kumpara sa performance ng lungsod noong 2004. Ibig sabihin nito, mas marami ang mga mag-aaral ng ALS ang nakakapagtapos ng programang pang-edukasyon sa kabila ng estado nila sa buhay.



*Kakosa Ko Sa Karunungan ang ALS (KKK sa ALS), City Jail, Pebrero 2011. Pagkakataong makapagtapos ang mga inmates para handa sila sa kanilang paglaya.*



*Mga bago at de-kalidad na aparato ng bagong VCEH para sa mas mabilis na serbisyo.*

*Ang lumang gusali ng VCEH sa Brgy. Poblacion matapos manalasa ang bagyong "Falcon" noong Hunyo 2011. Ang makasaysayang gusaling ito ay nagsilbing Valenzuela Municipal Hall noong 1931 ay nakatakdang isaayos upang magsilbing **Multi-purpose Center:** Health Center at Lying-in Clinic, Fire Station, Rescue at Police Block.*




# KALUSUGAN

## Mabuting Kalusugan, Tibay ng Sambayanan

Haligi ng isang pamayanan ang mamamayang malusog, malakas at may maayos na pangangatawan. Nasa kanilang magandang kalagayan umuusbong ang lungsod na may matibay at kakayahang makipagsabayan sa mga hamon ng panahon. Prayoridad ng pamahalaang lungsod ang siguruhin ang kapasidad nito na pangalagaan ang kapakanan at kalusugan ng taumbayan.



### Bagong Valenzuela City Emergency Hospital (VCEH)

**P115,555,775.42**

*Para sa maayos na pangangalaga ng kalusugan ng mga Valenzuelano, pinalawak ang kapasidad nito sa 50 beds at may dialysis center pa. Dinisenyo rin ang pasilidad na nasa Brgy. Dalandanan upang higit itong maging kumbinyente sa mga pasyente at mga naninilbihan. Pinasinayaan noong selebrasyon ng Araw ng Valenzuela, Nobyembre 2012*



*Valenzuela City Dental Clinic sa Brgy. Poblacion, pinasinayaan noong 2008.*



*Malinaw na serbisyo publiko ng Valenzuela City Eye Clinic na binuksan noong Hulyo 2008 sa Brgy. Poblacion.*



*Sa pakikipagtulungan ng Family Vaccine and Specialty Clinics, nabuo ang Valenzuela City Animal Bite Clinic sa Brgy. Poblacion noong 2008 upang makapagbigay serbisyo sa naturang bahagi ng lungsod.*

| Mga Pangkalusugang Pasilidad at Kagamitan | 2004 | 2012 |
|---|---|---|
| Health Centers | 39 | 44 |
| Lying-in Clinic | 2 | 3 |
| Physical Therapy Center | 1 | 3 |
| Eye Clinic | 0 | 1 |
| Animal Bite Clinic | 1 | 2 |
| Mega Health Center | 0 | 1 |
| Ambulansya | 4 | 36 |

*Source: City Health Office*



*Mayor WIN Gatchalian at isang Person With Disability o PWD, Mayo 2011. Simula pasinayaan ang Valenzuela City Physical Therapy Center sa Brgy. Poblacion, nakatutulong itong tugunan ang mga pasyente na may suliranin sa kanilang pisikal na kalagayan.*




# Mga Tagapag-alaga ng mga Valenzuelano

| Kawani | 2004 | 2012 |
|---|---|---|
| Doctor | 25 | 41 ↑ |
| Nurse | 29 | 52 ↑ |

*Source: City Health Office*

Bukod sa mga doktor at nars, nakaalalay din ang may
**316 Barangay Health Workers**
**135 Barangay Population Managers**
**44 Barangay Nutrition Scholars**
upang panatiliing malusog ang pamayanan.

| Kawani | Ideal na Bilang ng Kawani sa Populasyon | Aktuwal Na Bilang |
|---|---|---|
| Doctor | 1 : 20,000 | 1 : 15,359 |
| Nurse | 1 : 20,000 | 1 : 12,110 |

*Source: City Health Office*

Ayon sa rekomendasyon ng **World Health Organization, may sapat na mga doktor at nars ang lungsod para sa buong populasyon ng Valenzuela City.** Mas napagtutuunan ng pansin ng mga kawani ang paglilingkod sa mga Valenzuelano.



*Ang ating Barangay Health at Barangay Nutrition Workers ng Brgy. Paso de Blas, dala ang Nutri-Board, sukatan para sa tamang tangkad ng kanilang mga alagang bata sa pamayanan, Disyembre 2011.*



# Haplos ng Pagmamahal

## Gamot Handog at Dalaw ni Dok kay Lolo at Lola Programs

*Physical therapy ni lola sa Brgy. Coloong, Nobyembre 2010.*



*Kahit saan man nakatira si lolo at lola, dumadalaw ng buong giliw ang mga medical personnel ng lungsod, kuha sa Brgy. Balangkas, Setyembre 2010...*



*...Maihatid lang ang natatanging misyon na mapaglingkuran ang mga nakatatanda. Isang pasyenteng napasaya at napasilga ng **Dalaw ni Dok** sa Brgy. Mapulang Lupa, Enero 2013.*

Sa praktikal na solusyong ito sa pangangailangang medikal ng mga indigent senior citizen, ang mga medical professional ng lungsod na mismo ang dumadalaw sa bahay ng mga ito. Ang mga doktor, nars, dentista at physical therapist na ang bahalang kumalinga kina lolo at lola na hirap nang pumunta sa mga klinika o health centers para lamang magpacheck-up. Sa kasalukuyan, nasa 535 pasyente na ang regular na dinadalaw nila Dok dahil sa programang ito magmula ng inilunsad ito noong Setyembre 2009 ni Mayor WIN Gatchalian.

*Samantala, nasa 1,522 senior citizens naman ang natutulungan ng Gamot Handog Program na buwanang nakakatanggap ng multi-vitamins at mga gamot sa mga may sakit na diabetes, high blood at arthritis.*





*Isang ina kasama ang kanyang sanggol sa pagbisita nila sa city hall, Oktubre 2010.*

## Batang Valenzuelano, Malusog at Protektado

Malawakan ang mga naging programa ng pamahalaang lungsod upang tiyakin na matibay ang pangangatawan ng mga kabataan dito. Pinangungunahan ito ng pagiging aktibo ng lungsod sa pagpapalaganap ng eksklusibong pagpapasuso ng mga ina, upang matamo ng kanilang mga supling ang mga kabutihang dulot nito.

Dito pinarangalan ang Valenzuela City bilang *"Best in Infant and Young Child Feeding Initiatives"* ng National Nutrition Council para sa buong NCR nitong 2012. Dahil sa mga programang ito at sa iba pang kaugnay na mga pagkilos, naibaba ang insidente ng malnutrisyon para sa mga bata.


Pinalawig din ang pagpapabakuna upang proteksyunan sila laban sa iba't-ibang uri ng sakit at mabigyan sila ng pagkakataong lumaking malusog.

Maging ang mga magulang at komunidad, masigasig ang nagdaang siyam na taon upang palakasin ang kanilang kaalaman upang mapagtibay din ang kanilang kapasidad bilang mga pangunahing tagapag-alaga ng batang Valenzuelano.



*Sa pagdalaw na ito ng doktor sa day care center ng Mapulang Lupa, Pebrero 2011, sinisiguro ng pamahalaang lokal na malulusog ang mga batang Valenzuelano at napupunan naman kung may kulang sa nutrisyon.*

### Pagbaba ng Insidente ng Kakulangan sa Tamang Nutrisyon sa Valenzuela, Edad 6 Pababa



| | 2004 | 2005 | 2006 | 2007 | 2008 | 2009 | 2010 | 2011 | 2012 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Underweight | 9 | 5 | 5.44 | 3.84 | 4.5 | 2.95 | 3.91 | 2.08 | 1.94 |
| Severe Underweight | 2 | 1.08 | 1.09 | 0.9 | 1.3 | 1.2 | 1.02 | 0.96 | 0.72 |

*Resulta mula sa may 80,000-90,000 bilang ng mga batang tinitimbang kada taon.*
*Source: Nutrition Office*







*Door-to-door na pagbabakuna ng mga bata kontra tigdas sa Brgy. Karuhatan, Abril 2011, bilang bahagi ng Expanded Program on Immunization.*

*Alagang Valenzuelano Mobile Medical and Dental Clinic na bumisita sa Pio Valenzuela Elementary School , Brgy. Pulo, Marso 2013 upang mas malawak na maihatid sa mga bata ang serbisyong medikal na nararapat para sa kanila.*

## Valenzuela City
### K to 6 In-School Feeding Program

Upang mas maibaba ang insidente ng malnutrisyon sa mga bata, nagsanib pwersa dito ang pamahalaang lokal, Ateneo de Manila Center for Educational Development (ACED) at mga nanay volunteers, Oktubre 2012, para magbigay ng supplementary feeding program sa may 6,000 bata mula kinder hanggang Grade 6 sa 39 na pampublikong paaralan sa buong Valenzuela City sa loob ng 136 na araw.



***HALUNG-TULONG***
*Mula kaliwa, magkakasamang hinahalo nina National Scientist at dating Ateneo de Manila President Fr. Bienvenido Nebres, Mayor WIN Gatchalian, WIN mother volunteer at dating DepEd Valenzuela Supt. Dr. Flordeliza Mayari ang mga kaldero ng tsamporado na ihahain sa mga bisita sa pagpapasinaya ng programa.*



***MASUSUSTANSYANG HANDA***
*Ang WIN Mothers Club volunteers na gising na ng madaling araw sa central kitchen ng K to 6 Feeding Program sa Brgy. Malinta, Disyembre 2012 upang magluto ng masusustansyang pagkain para sa 6,000 bata.*



***DAGDAG NUTRISYON***
*Ilan sa piling mag-aaral ng A. Fernando Elementary School, Brgy. Malanday, na benepisyaryo ng programa, Nov. 28, 2012.*

Sa loob ng siyam na taon, binago ng mga programang pangkalusugan ng lungsod ang pananaw ng publiko ukol sa reproductive health.

Magmula sa pagdadalang-tao, panganganak at hanggang sa pagpapalaki ng mga supling, mas bukas na ang pamilyang Valenzuelano sa mga ligtas na pamamaraan na ginawa pang mas abot-kaya para sa lahat.



Libreng ultrasound at iba pang serbisyo para sa mga buntis sa taunang Buntis Party na isinagawa sa Valenzuela City Convention Center, Marso 2011.

# Sa Ligtas na Pamamaraan at Reproductive Health, Pamilyang Valenzuelano Napapangalagaan



Mayor WIN Gatchalian at isang bagong kasal sa Brgy. Gen. T. De Leon, February 14, 2013.

| Mortality Rate | 2005 | 2012 |
| --- | --- | --- |
| Infant Mortality Rate | 17.86 Deaths: 1000 Live Births | 14.56 Deaths: 1000 Live Births ↓ |
| Maternal Mortality Rate | 1.83 Deaths: 1000 Live Births | 0.63 Deaths: 1000 Live Births ↓ |

Source: City Health Office



Aktwal na pagsusuri ng sanggol sa VCEH, Enero 2010

## Newborn Screening Kontra Infant Mortality

Matapos simulan ang pagbibigay ng mas abot-kayang serbisyo sa iba't-ibang lying-in clinic ng pamahalaang lungsod gaya ng sa mga barangay Mapulang Lupa, Marulas at Paso de Blas, naging positibo ang programang ito para maibaba ang infant mortality rate ng lungsod. Nasiguro ang kaligtasan ng ina at kanyang bagong silang na sanggol sa pamamagitan ng epektibong paraan gamit ang newborn screening at pagkakaroon ng dagdag na mga birthing center o paanakan.

## Family Planning

Dahil sa masigasig na pagbibigay impormasyon sa publiko ukol sa reproductive health, tumaas ang bilang ng mga mag-asawa ang malayang nakapipili para sa ligal at ligtas na pagpa-family planning, natural man o artipisyal. Bunsod nito, mas may kakayahan silang harapin ang mga responsibilidad bilang mga magulang.

*Habang dumarami ang mga nakakapagpaplano ng pamilya sa lungsod, naibaba ang bilang ng ipinapanganak sa lungsod kada 1,000 katao nitong 2012*

| | 2004 | 2012 |
| --- | --- | --- |
| Family Planning Program Acceptors | 10,242 | 76,763 ↑ |

| | 2004 | 2012 |
| --- | --- | --- |
| Crude Birth Rate | 18.47 | 12.54 ↓ |

Source: Population Office



## Pag-iwas: Pinakamabisang Gamot

Iba't-ibang nakahahawang sakit ang kinahaharap ng mga Valenzuelano, partikular na ang mga bata. Kabilang na rito ang tuberculosis. Bagamat nagagamot ang sakit na ito, madali naman itong maipasa sa iba ng may taglay nito. Subalit maiiwasan ito, maging ang ibang uri ng karamdamam o impeksyon, kung alam ng bawat isa ang mga paraan nito. Kung may safe at healthy lifestyle ang bawat isa, malayo rin tayo sa sakit.



*Information and Education Campaign*
*para sa pag-iwas sa dengue ng isang pamayanan, Setyembre 2011.*




*Gulayan sa Pamayanan project sa Disiplina Village, Brgy. Ugong Agosto 2012.*



*Nag-alay ng kanyang dugo si City Mayor WIN Gatchalian sa kanyang birthday blood letting activity, Marso 2009.*



*Handwashing area sa mga paaralan upang tulungang protektahan ang mga bata laban sa sakit. Karuhatan West Elementary School, Agosto 2011.*



## Bagong Bahay Kalinga Half-way Home
**P13,606,981.63**

Nagsisilbing maayos na kanlungan ng mga bata, kababaihan at matatanda na biktima ng pang-aabuso, karahasan at pag-aabandona ang bagong pasilidad na ito na nasa Brgy. Canumay West. Dito pansamanatalang nanunuluyan ang mga benepisyaryo ng ligtas, may sapat at tamang pagkain, libreng serbisyo medikal, counseling at libreng edukasyon.

*Masayang naglalaro ng basketball ang mga kabataang benepisyaryo ng Bahay Kalinga sa bagong pasilidad nito sa Brgy. Canumay West, Setyembre 2012. Ginagawang komprehensibo ang pag-aksyon ng pamahalaang lungsod para gawing isang tunay na "child-friendly" ang Valenzuela City sa pamamagitan ng mga programa at proyekto para sa iba't-ibang pangangailangan ng sektor ng kabataan.*

# KAGALINGANG PANTAO

## Suportang Bukas-Palad sa Valenzuelanong Nangangailangan

Hindi lamang pinansyal, gamot, pagkain, pabahay at iba pang mga materyal na bagay ang ipinaaabot ng pamahalaang lungsod sa mga kapus-palad. Pinagtutuunan din ng pansin ang mga taong nalayo sa pamilya, pinagkaitan ng pagmamahal at mga taong nangangailangan ng tunay na kalinga at pag-aalaga. Ganun din ang mga biktima ng mga sakuna, kalamidad o trahedya. Nakahanda ang pamahalaang lungsod para punan ang mga pangangailangang ito at magabayan sila na maibalik sa wasto ang kanilang kalagayan.




*Abala ang mga batang babaeng ito na nasa pangangalaga ng Bahay Kalinga sa isang handicraft activity, Nobyembre 2012. Natuturuan din sila rito ng iba't-ibang kapaki-pakinabang at praktikal na kaalaman.*



*Isang benepisyaryo ng Bahay Kalinga sa luma nitong pasilidad sa Brgy. Veinte Reales, May 2011, habang nagsasabit ng mga "origami" bilang isang art therapy.*

*Tuwang tuwa ang ginang na ito matapos matulungang maibalik ang kanyang 75-taong gulang na ina na nawalay sa kanila. Setyembre 2011, City Hall.*



Alinsunod sa itinakda ng batas, sa nalalapit na pagkakatapos ng Bahay Pag-asa Youth Correctional Center sa Barangay Canumay West, dito na pangangalagaan ng mga kawani ng CSWDO ang mga Children in Conflict with the Law (CICL). Ang pamahalaang lungsod ay may mga inihandang programa para sa pangangailangan ng mga ito kagaya ng rehabilitation programs, counseling, spiritual activities, regular dental at medical check-up, edukasyon sa pamamagitan ng Alternative Learning System (ALS) at free legal assistance upang maituwid ang kanilang landas.

**Bagong Bahay Pag-asa Youth Correctional Center**
**P8,475,947.40**



# Alaga ng VC Cares Valenzuela City



*Libreng gamot sa isang medical mission ng VC Cares Program sa Santo Rosario, Brgy. Karuhatan, Pebrero 2010.*



*Si lola at kanyang mga apo na bumisita sa city hall, Pebrero 2011, ang salamin ng isang malusog na samahan sa tahanan dala ng tamang alaga ng pamahalaan.*

## Kasangga ang Philhealth

Itinaas ang badyet para sa bawat benepisyaryo mula P600 noong 2010 na naging P1,800 noong 2011 at 2012 upang mapakinabangan pa ng mas matagal ang mga benepisyong nakukuha rito ng hanggang dalawang taon. Sa ngayon ay may 10,000 pamilyang Valenzuelano ang nakikinabang dito.



*Sina Mayor WIN at Cong. REX Gatchalian kasama ang mga Philhealth beneficiaries ng Northville sa Brgy. Ugong, Enero 2011.*


Home-based ECCD sa Dulong Tangke, Malinta, Setyembre 2011.


## GABAY PARA SA MGA MAGULANG

Sa Early Childhood Care and Development Program, tinutulungan nito ang mga magulang na magabayan sila sa wastong pagpapalaki ng kanilang mga anak edad lima pababa. Dito sila natutulungang maliwanagan sa kahalagahan ng tamang nutrisyon hanggang sa edukasyon. Nagbabahay-bahay din ang mga kawani ng programa para mas lalong mapalaganap ang hatid na serbisyo nito.

Kinukumusta ni Mayor WIN Gatchalian ang isang pasyente ng libreng operasyon sa katarata sa Brgy. Malanday, Marso 2011.



# PAGKALINGA SA MAY KAPANSANAN AT NANGANGAILANGAN





Mga batang malayang nakapaglalaro sa Brgy. Lingunan, Marso 2011.
Bukod sa edukasyon at kaligtasan, karapatan din ng mga bata ang makapaglibang.

## BAGONG SIMULA

Binuo ang Teen Challenge Valenzuela (TCV) sa pamamagitan ng isang kasunduan ng pamahalaang lokal at ng Teen Challenge International, isa sa mga pinakamalaking nonprofit faith-based drug at alcohol recovery programs sa Amerika. Nasa larawan sina TCV administrator Wesley Jay Sullivan Jr. at isang kabataang kliyente na sumasailalim sa proseso ng drug rehabilitation. Nasa likod nila ang TCV sa Brgy. Marulas na pinasinayaan noong Pebrero 2011 na siya ngayong instrumento ng lungsod upang tulungang iwasto ang mga maling desisyon ng ilan sa mga naligaw ng landas.






*Sinusuyod ng OSY Caravan ang bawat sulok ng lungsod, gaya nito sa Karuhatan Barangay Hall, Hunyo 2012, upang maipaabot sa mas maraming kabataang nahinto sa pag-aaral ang handog nitong serbisyo.*

Nabibigyan ng pagkakataon ang mga kabataan na makapag-aral muli sa tulong ng programa ng Task Force on Out-of-School Youth (TF-OSY): Intervention, Reduction and Prevention na inilunsad ni Mayor Sherwin T. Gatchalian noong 2011. Maraming dating out-of-school youth (OSY) ang natulungang makatapos at kasalukuyan nang nagtatrabaho at nakatutulong na sa kani-kanilang mga pamilya dahil sa kanilang kinikita.

## LINGAP AGAD-AGAD

Hindi lang sa pagbibigay ng business permit mabilis ang lungsod. Sa oras man ng emergency o sa mga pagkakataong personal na pagdulog sa tanggapan ng punong lungsod, naging bukas ang pamahalaang lokal sa mamamayan na tugunan ang kanilang pangangailangan.




*Mula sa City Central Warehouse hanggang sa mismong pook ng pagdadalhan, kapag may maayos na sistema at mga kawaning handang umalalay, mabilis na nakakapagpaabot ng tulong ang lungsod gaya ng relief operations na ito noong Agosto 2012 matapos ang Bagyong Gener.*



*Humaharap, nakikinig at kadalasan ang alkalde na mismo ang rumeresolba sa hinaing na inilalapit sa Mayor WIN Action Desk sa city hall, Pebrero 2011.*



*Sa tulong ng iba't-ibang operasyon, ang pamahalaang lokal na mismo ang lumalapit para sa mga nangangailangan. Halimbawa na rito ang Oplan Sagip na ito sa may Malinta Exit, Mayo 2011, kung saan, ang mga taong kalye ay nirerescue para mapangalagaan.*




## Lingunan-Lawang Bato Vehicular Overpass

**P90,000,000.00**

Pinagawa at pinasinayaan ng pamahalaang lokal noong 2008 upang mapabilis ang transportasyon at kalakalan sa loob at labas ng lungsod na nahahati ng North Luzon Expressway.



*Bahagi ng Flood Control Wall sa Meycauayan River, sa boundary ng Wawang Pulo, Valenzuela City at Obando, Bulacan, Marso 2013.*

### VOM FLOOD CONTROL PROJECT


Matapos ang mariing panawagan ng mga residente at pamahalaang lokal, itinuloy na ng Department of Public Works and Highways ang **Valenzuela-Obando-Meycauayan (VOM)** Flood Control Project, 2012. May badyet na **P1.598** bilyon, inaasahan nitong masosolusyunan ang suliranin sa pagbaha sa ilang bahagi ng mga nabanggit na bayan.

# IMPRASTRUKTURA

## Matatag na Imprastruktura, Tulay at Daan sa Maunlad na Valenzuela

**PONDO PARA SA KALSADA, DRAINAGES AT BANGKETA**

P609,772,582.74 (2005-2012)





*Source: Engineering Office*

**HABA NG MGA IPINAGAWANG KALSADA, BANGKETA AT KANAL**

123,900.19 metro o 123.9 km (2005-2012)

Simula 2005, sa mga imprastrukturang ipinagawa ng pamahalaang lungsod, katumbas ang haba nito na pwede itong makarating ng Subic sa Olongapo City.




*Source: Engineering Office*

### FOOTBRIDGES

**P18,809,698.78**

Sa nakaraang tatlong taon, 7 pedestrian footbridges ang naitayo sa kahabaan ng MacArthur Highway upang masiguro ang kaligtasan ng mga tumatawid at maging ang ayos ng daloy ng trapiko rito.

*MacArthur Marulas Pedestrian Footbridge, Marso 2010.*




*Bangketa sa Maysan Road, Brgy. Marulas, Pebrero 2009.*






*GSIS Bridge sa Brgy. Ugong na dumudugtong sa Caloocan City. Isinaayos ng lungsod matapos ang Bagyong Ondoy, Marso 2010.*

*MH del Pilar Road, Brgy. Poblacion, Enero 2010.*



**Valenzuela, may DISIPLINA!**




# DISIPLINA at KALINISAN

## Maayos na Kakalsadahan, Malinis na Kapaligiran







*Naging karaniwang tanawin ang mga trak ng basura upang likumin ang mga basura sa bahay-bahay.*

Galit sa kalat ang Lungsod ng Valenzuela kung kaya't nagbuo ang pamahalaang lokal ng Anti-Kalat Task Force noong Nobyembre 2011 na binubuo ng 10 Environmental Police Officers at 7 spotters na nagbabantay sa mga kalsada upang mapanatili ang kalinisan. Sa pamamagitan ng pagpapaalala at pagbibigay-penalty ng task force sa mga violator na nagtatapon ng mga balat ng kendi, upos ng sigarilyo, plastik ng soft drinks at iba pang mga kalat na karaniwan na nating nakikita sa mga kalsada, napapanatili nito ang disiplina sa mamamayan at kapansin-pansin na mas lalo pang naging kaaya-aya at malinis ang mga kalsada sa lungsod.

Bahagi ito ng agresibong kampanya ng pamahalaang lungsod sa nagdaang siyam na taon na linisin ang Valenzuela City at gawin itong ehemplo ng isang disiplinadong pamayanan.









*Susi ang kalinisan upang makaiwas sa iba't-ibang sakit, gaya ng nakamamatay na dengue. Bayanihan ang mga magulang at mga tauhan ng paaralang ito at ng Waste Management Office sa Karuhatan West Elementary School, Agosto 2011 sa paglinis ng kapaligiran.*

| Alagad ng Kalinisan | Bilang 2012 |
|---|---|
| Tagawalis | 264 |
| Kaminero | 69 |
| Palero | 304 |
| Ad Hoc | 167 |

Source: City External Services Office (CESO)

| | 2004 | 2013 |
|---|---|---|
| Trak ng Basura | 30 | 80 ↑ |

Source: Property Office



## Valenzuela City Police Capability Enhancement Program

Sa pagpapatupad ng programang ito, kinakitaan ng malaking pagbabago at reporma sa hanay ng kapulisan. Sa pamamagitan ni Mayor Sherwin T. Gatchalian, mas napagtuunan ng pansin ang iba't-ibang pangangailangan ng lokal na kapulisan. Magmula sa mga kagamitan na makabago, mga patrol cars at motorcycles, mas malaki at mas modernong headquarters, at training, hindi na pahuhuli ang Valenzuela City Police sa pangangalaga ng lungsod. Hindi nakakapagtaka na mataas ang moral ng kapulisan sa lungsod. Patunay ito sa ibinalita ni P/SSUPT Fernando Sevilla, director ng Center for Police Strategy Management ng PNP na and Valenzuela City Police Station ang may pinakamababang kasong administratibo sa PNP National Capital Region Police Office ngayong taon.

# KAPAYAPAAN, KAAYUSAN, KALIGTASAN

## Nakikita, Nararanasan, Nararamdaman

Wala nang mas gaganda pa sa panatag na kalooban ng mamamayan pagdating sa kanilang kaligtasan. Beinte-kwatro oras buong linggo nakahandang tumugon ang mga kinauukulan para sa pangangailangan ng taumbayan at panatiliing ligtas, maayos at "liveable" city ang Valenzuela.



Valenzuela City Special Weapons and Tactics (SWAT), Abril 2011. **Tinanghal na 2009 Best Special SWAT Team sa buong NCR.**



**FIRST DAY OF DUTY.** Ilan sa mga bagong Pulis Valenzuela sa kanilang unang araw ng duty sa Dalandanan Community Precint, Nobyembre 2012. Sa tulong ng tuloy-tuloy na pakikipag-ugnayan ng pamahalaang lokal at ng mga kinauukulan, napalalakas nito ang kapasidad ng lungsod sa pagpapanatili ng kapayapaan at pagpapatupad ng batas.



**POLICE VISIBILITY.** Kapag mas malawak ang police visibility sa lungsod, mas kampante ang mamamayan na may nagbabantay sa kanilang kaligtasan laban sa mga masasamang elemento, tulad ng mataong lugar na ito sa Brgy. Bagbaguin, Abril 2012.



## Bilang ng mga Pulis

| 2004 | 2013 |
|---|---|
| 274 | 415 ↑ |

*Source: Valenzuela City Police Station*

Sa kabuuang bilang ng mga pulis sa lungsod, may 1 pulis ang nagbabantay kada 1,600 mamamayan sa Valenzuela City. Mas mataas ito sa ideal ratio na 1:500.

| Bilang ng mga Police Community Precincts | 2004 | 2011 |
|---|---|---|
| | 7 | 10 |

**MAS PINALAWIG.** Sa pagkakaroon ng mga bagong police community precints, mas mabilis na makareresponde ang mga otoridad sa pamayanan at higit na mapagtutuunan nila ng atensyon ang lugar na kanilang pinagsisilbihan.



Agad na umalalay ang mga pulis na ito na nagbabantay habang isinasagawa ang pamaskong handog ng lungsod, Disyembre 2009.

Abala ang mga pulis na ito sa kanilang crime scene investigation and evidence documentation training sa likod ng bagong Valenzuela City Police Station, Oktubre 2011.






**2nd place sa Best Peace and Order Council (POC) in NCR, 2007.** Sa pamumuno ni Mayor WIN Gatchalian at bumubuo ng mga kinatawan mula sa iba't-ibang sektor, kinilala ang Valenzuela City PCO dahil sa mga positibong resulta na hatid ng "Valenzuela Police Station Capability Enhancement Program."

## WOMEN- AT CHILDREN-FRIENDLY POLICE

Bilang bahagi ng Valenzuela Police Station Capability Enhancement Program, tiniyak din na wasto ang paghawak nito sa mga espesyal na sitwasyon gaya ng mga dumudulog na kababaihan at mga menor de edad.



Dahil sa husay nitong mga pag-aksyon, maayos na sistema at komportableng pasilidad, nasa Valenzuela City ang Best Women and Children Protection Desk sa buong NCR, 2012.



ISA SA KAPITBAHAY NINYO. Si **SPO1 Valenzuela**, ang police mascot ng lungsod upang maging simbolo ng pagiging community-friendly ng kapulisan at tapat na paglilingkod.



**IMBESTIGADOR**
Malaking tulong ang sariling SOCO sa lungsod upang mabilis na kilatisin ang mga ebidensya para sa ikalulutas ng mga kaso, Hunyo 2012.

## Tanging Local Government Unit na may SOCO Office

# Valenzuela City Scene of the Crime Operations (SOCO) Office

Aktibo ang bagong Crime Laboratory Satellite Office ng Philippine National Police (PNP) sa Valenzuela City Police Station simula nang pasinayaan ito noong Marso 2012 sa pangunguna ni Mayor WIN Gatchalian. Masusing kumikilos ang 18 imbestigador nito para sa ikabibilis ng paglutas sa mga kasong kriminal.

| Crimes Solved in the City | 2004 | 2012 |
|---|---|---|
| | 723 | 1156 ↑ |

Source: Valenzuela City Police Station



Valenzuela City Rescue Team sa Command Center nito, Hunyo 2012.



Ilan sa mga kawani ng pamatay-sunog sa Valenzuela City Fire Station sa Brgy. Maysan, Hunyo 2012.



Training ng Traffic Management Office (TMO) sa City Action Center, Nobyembre 2011.

| SERBISYONG MAAASAHAN | 2012 |
|---|---|
| Bumbero* | 92 |
| Rescue** | 41 |
| Traffic Enforcer** | 199 |

*Source: Bureau of Fire Protection, Valenzuela City
**Source: City External Services Office (CESO)



Inter-agency fire drill na isinagawa sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela, Pebrero 2011.



Ilan sa 12 firetrucks ng lungsod na rumesponde sa sunog sa De Gula, Brgy. Gen. T. De Leon, Pebrero 2013.



Kasama ang ilang kawani ng Social Welfare Office at mga residenteng volunteer, sinuong ng Rescue Team ang Elysian, Brgy. Marulas para sumagot sa mga humihingi ng tulong matapos ang isang pagbaha dala ng bagyo, Hunyo 2011.



Mga "red boys" ng Traffic Management Officer sa flag raising sa city hall, Pebrero 2013.



Mga rumespondeng bumbero sa De Gula, Brgy. Gen. T. De Leon, Pebrero 2013



*Mga **Bantay Bayan** Volunteers sa city hall na pinulong ni City Police OIC Col. Rhoderick Armamento, Pebrero 2013.*



*Rumerespondeng mga Bantay Sunog Volunteer sa sunog sa De Gula, Brgy. Gen. T. De Leon, Pebrero 2013.*



*Aktibo ang pamahalaang lungsod sa mga pagkilos ng Philipine Red Cross Valenzuela City Chapter, lalo na sa Red Cross 143 Volunteers nito; kuha sa kanilang General Assembly, Hunyo 2012. Bagong buo pa lamang ang RC 143 nang mapasabak sila sa pagsubok na dala ng Bagyong Ondoy noong Setyembre 2009 - na kanilang napagtagumpayan.*



*TULONG MAGKAKAPIT-BAHAY. Rescue training ng mga Bantay Sunog sa city hall, Mayo 2012. Sa bisa ng **Bantay Sunog Fire Protection Program** na inilunsad noong 2009, naging katuwang ang mga mamamayan sa pag-iwas at pangangalaga ng kanilang pamayanan sa pinsala ng sunog.*

| CITY OF VOLUNTEERS | 2004 | 2012 |
|---|---|---|
| Red Cross 143* | 0 | 4,809 |
| Bantay Bayan** | 0 | 2500 |
| Bantay Sunog** | 0 | 1300 |

*Source: Red Cross, Valenzuela **Source: City External Services Office (CESO)

## SARILING WEATHER STATION

Malaking tulong sa Disaster Risk Reduction and Management Program ng lungsod ang pagkakaroon nito ng sariling Automated Weather Station (AWS) na nakaposisyon sa Valenzuela City Action Center, Brgy. Dalandanan, sa pakikipagtulungan ng pribadong sektor.





*Si Mayor WIN Gatchalian kasama si dating National Capital Region Police Office Chief Director Nicanor Bartolome sa symbolic turn over ng mga kagamitan para sa kapulisan, Abril 2011.*



*Mga bagong police patrol cars, Pebrero 2013.*

| MGA KAGAMITAN | 2004 | 2012 |
|---|---|---|
| Fire Trucks* | 2 | 12 |
| Police Patrol Cars | 4 | 40 |
| Police Motorcycles | 4 | 72 |
| Water Search and Motorboats | 1 | 47 |
| Heavy Equipment | 6 | 24 |
| Bantay Bayan Patrol Motorcycles | 0 | 28 |
| Service Firearms | 26 | 94 |

Source: Property Office *Source: BFS, Valenzuela City



*Payloader ng lungsod sa site development ng Disiplina Village, Abril 2012.*



*Mga bagong patrol motorcycles na itinurn over sa Bantay Bayan, Mayo 2012.*



*Mga kabataang kontra-bandalismo.*

## KATROPA SA KATAHIMIKAN AT KAAYUSAN

Binuo ang Task Force on Fraternities and Gangs Intervention and Prevention (TAFFGIP) ni Mayor WIN Gatchalian noong 2010 upang maresolusyunan ang hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga gang at fraternity, mailayo ang mga miyembro nito sa paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot at maging katuwang pa sila sa mga kampanya laban sa droga at bandalismo at iba pang mga iligal na gawain. Sa ganitong paraan naging katuwang pa sila ng pamahalaang lokal sa pagpapanatili ng katahimikan lungsod.



*Pinakikinggan ni Mayor WIN Gatchalian ang mga opinyon ni Bise Presidente at Housing and Urban Development Coordinating Council (HUDCC) Chair Jejomar Binay sa kanyang pagdalo sa groundbreaking ng Disiplina Village Phase 2 project, Mayo 2012.*


Sa sariling tahanan nagsisimula ang paghubog sa mga anak. Dito rin nabubuo ang matibay na pagsasamahan at pagmamahalan ng pamilya. Malaking elemento ang kapaligirang kinamumulatan kung kaya siniguro ng pamahalaang lungsod na maisakatuparan ang pangarap ng lahat: sariling bahay sa maayos na pamayanan.

Ito ang Disiplina Village na nasa E. Cuadra St., Brgy. Ugong. Narito ang mga benepisyaryo ng pangunahing proyektong pabahay ng pamahalaang lungsod kaagapay ang pribadong sektor sa pangunguna ng Dakilang Handog Foundation sa tulong ng Gawad Kalinga Foundation at mga lokal na mga negosyo.

Mayroon na ritong 238 pamilya ang maayos na naninirahan. May 226 pamilya pa ang nasa kalapit na staging area at tumutulong sa pagtayo ng kanilang bagong tahanan. Sila ang mga pamilyang nawalan ng bahay dahil sa bagyong Ondoy na ni-relocate mula sa mga danger zones gaya ng mga estero at sa gilid ng Tullahan River.

# PABAHAY

## Bagong Bahay, Bagong Buhay, Pamilyang Valenzuelano sa Pamayanang Disiplinado



Ang iba pang informal settlers sa lungsod ay tinulungan din ng pamahalaang lungsod sa pamamagitan ng Balik-Probinsya Project kung saan 174 katao sa loob ng dalawang tao ang natulungan nito.

Sa pakikiisa naman ng National Housing Authority, mayroong iba pang Socialized Housing Projects sa iba't-ibang lugar dito sa lungsod na kasalukuyang pinakikinabangan na ng 4,691 pamilyang Valenzuelano.



*Ang mga ilaw ng tahanan sa flagship housing project ng lungsod, Abril 2011.*






*Ang Pamilya Rianza sa kanilang tahanan sa Disiplina Village, Setyembre 2011.*



*Ang mga benepisyaryo ng Disiplina Village habang nakikipagtulungan sa pagtatayo ng kani-kanilang tahanan.*




# Matinong PABAHAY Maayos na Pamumuhay

Ang Phase 1 ng Disiplina Village ay mayroong 22 buildings para sa 352 pamilya. Samantala ang Phase 2 naman ay may 18 buildings para sa 594 pamilya. Ito ay naisakatuparan sa pagtutulungan ng lokal na pamahalaan at National Housing Authority (NHA) at nakatakda nang matapos at malipatan ngayong 2013.

Dahil sa bilis at tuloy-tuloy na paglilipat sa mga benepisyaryo ng Disiplina Village, nakaumang naman ngayon ang Phase 3 nito na siya namang pinagtutuunan ng pansin ng pamahalaang lungsod para naman sa mga residenteng nasa tabing ilog, estero at mga creek.

Ang Phase 3 na nasa Barangay Bignay ay may sukat na 11 ektarya, may sapat na lawak upang mailipat ang lahat ng mga nabanggit na Informal Settlers Families (ISF). May kabuuang bilang na 1,764 ang mga Tullahan River ISF habang ang mga nasa ibang waterways naman mula sa 14 na barangay sa lungsod ay nasa 2,839 na.

Base sa 5-year plan ng lokal na pamahalaan at ng NHA, maililipat na ang lahat ng mga ISF sa Phase 3 at inaasahang zero ISF on waterways na ang lungsod sa taong 2015.






*Dating tirahan ng mga informal settler ang bahaging ito ng Tullahan River sa Riverside, Brgy. Ugong. Sa kuhang ito noong Mayo 2011, makikita ang ilan pang mga kabahayan na naiwan. Subalit sa kalaunan, sila ay nailipat na rin sa Disiplina Village.*



Makalipas ang 10 buwan mula ng pagpapasinaya, nasimulan na rin ang paggawa ng mga bahay, Oktubre 2010.



Ang 1.9 ektaryang lupain para sa Disiplina Village Phases 1 at 2 sa Brgy. Ugong, noong inauguration nito noong Pebrero 2010.



Mga kababaihan, Nobyembre 2010.




Siniguro na kumpleto sa pasiliaad at may maayos na linya ng tubig at kuryente ang mga bagong tahanan, Nobyembre, 2010.




Matapos lamang ang 14 na buwan mula ng pasinayaan ang Disiplina Village, nakalipat na ang unang 46 na pamilya sa Disiplina Village.



Kung may sikap, tyaga, tamang diskarte sa buhay at disiplina, kumpleto sa sangkap ang isang tahanan upang bumuti ang buhay, Abril 2012.



Susi para sa bagong pagsisimula ng mga residente ng Disiplina Village, Abril 2012.



Groundbreaking ceremony ng Disiplina Village Phase 2, kasama si Bise Presidente Jejomar Binay, opisyal ng lungsod, mga katuwang ng proyekto sa pribadong ektor, ibang ahensya at mga residente, Mayo 2012.



## VALENZUELA 1623

Pormal na kinilala ang Nobyembre 12, 1623 bilang **"Araw ng Valenzuela"** - ang petsa kung kailan naitatag ang Polo (dating pangalan ng Valenzuela) bilang isang nagsasariling bayan, sa bisa ng Ordinansa Blg. 55, Serye ng 2012 na ipinasa ng Sangguniang Panlungsod noong Setyembre 10, 2012 at rekomendasyon ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP).

### TRIUMVIRATE

*Likha ng national artist na si Napoleon Abueva noong 2008 na matatagpuan sa bagong city hall. Isang natatanging pagpupugay ang monumento para sa kabayanihan at kontribusyon ni Dr. Pio Valenzuela bilang isa sa Kataas-taasang Tatlo ng Katipunan.*



Hindi pahuhuli ang Valenzuela City sa mga programang kukumpleto sa pag-linang ng kakayanang pisikal at kamalayan ng mga mamamayan nito. Sa mga programang ito nakasalalay na maging mas makabuluhan ang kanilang pamumuhay sa lungsod na pinatatag ng disiplina at kultura.



*Junto Al Pasig, Cultural Center of the Philippines, Nobyembre 2011.*

# SINING, ISPORTS, KASAYSAYAN AT TURISMO

## Makulay na Bayan, Lipunang Makabuluhan



*Kinang ni Khalim, Valenzuela City Auditorium, Hulyo 2011.*

## VALENZUELA CITY CENTER FOR THE PERFORMING ARTS (VCCPA)

Simula ng una nilang pagtatanghal noong 2006, patuloy ang VCCPA sa pagbibigay ng mga dekalibreng pagtatanghal na kinaaaliwan ng mga Valenzuelano at maging ng iba pang tagapagtangkilik. Sinisiguro din na sa bawat manonood, busog ang kanilang diwa sa mga isyu, leksyon at kabutihang asal.



*Mga kaanak ng mga bayaning sina Dr. Jose Rizal, Dr. Pio Valenzuela at Teresa Magbanua sa isang espesyal na talakayan na dinaluhan ng mga kabataan at akademiko. Museo Valenzuela, Agosto 2012*

*Sa panahon ng internet at pop culture, katuwang ang Museo na gawing makabuluhan ang kasaysayan at values sa buhay ng mga bayani gaya ni Dr. Pio Valenzuela sa kabataan, Hunyo 2012.*




## MUSEO VALENZUELA

Bukod sa mga koleksyong may kabuluhang historikal, mas naging aktibo ang landmark na ito sa lungsod para sa mga exhibit, pagtatanghal at pag-oorganisa ng mga talakayan upang pagyamanin ang kamalayan ng mga Valenzuelano ukol sa mga lokal at pambansang isyu na napapanahon at pangkasaysayan.



*Pinangunahan ni dating Caloocan Bishop Deogracias Iñiguez ang pagpapasinaya ng taunang Grand Marian Exhibit and Procession, Mayo 2010 sa Museo Valenzuela.*



Sa tulong ng art lessons, nagkakaroon ng malikhaing pagpapahayag ng mga saloobin ang mga kabataan, Summer Art Workshop, 2011.



## SIBOL NG SINING

Walang magulang ang hindi matutuwang makita ang kanilang mga anak na lumak ing may kumpiyansa sa sarili, nalinang ang angking galing at kinagigiliwan ng mga tao, gaya ng mga batang ito sa kanilang recital matapos ang kanilang summer acting, singing and dancing workshop sa Valenzuela City Center for Performing Arts.



Valenzuela City Violin Ensemble sa City Auditorium, Hunyo 2012.



## ECOTOURISM, DINARAYO

Bukod sa tilapia at bangus, naglalakihang cream dory rin ang nahuhuli sa may 130 ektaryang mga palaisdaan sa tatlong barangay sa Valenzuela. Ito ngayon ay sentro ng ecotourism sa lungsod na kakaiba sa Metro Manila. Sa tulong ng mga fun fishing activities, nahihikayat ang mga pamilya, magkakabarkada at iba pang mga turista na dumayo at manghuli ng mga isda rito.








Summer Sports Clinic, Mayo 2011.



Bukod sa taekwondo at popular na basketball, pinapalaganap ng lungsod ang pambansang isport na arnis sa pamamagitan ng pagsuporta sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela Virulent Tigers na kinikilala bilang isa sa mga mahuhusay na arnis team sa buong Pilipinas.

## ISPORTS AT DISIPLINA

Buo ang suporta ng pamahalaang lokal sa programang pangisports sapagkat epektibo nitong nailalapit ang mga mamamayan sa mga makabuluhang gawain at mailayo sa mga masasamang bisyo. Hamon din sa sarili ang pagsali sa alin mang isports. Disiplina, kakayahan sa paglalaro at pagkamaginoo ang pinaiiral dito. Kaya naman sa Valenzuela, may Disiplina.

Pinapalaganap ng lungsod ang pambansang isport na arnis sa pamamagitan ng pagsuporta sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela Virulent Tigers na kinikilala bilang isa sa mga mahuhusay na arnis team sa buong Pilipinas.



Si Mayor WIN Gatchalian kasama ang pinakabatang participant sa Valenzuela City Fun Run 2011 na taunang idinaraos para sa lahat.



Saksi ang mahigit 2,000 Valenzuelano sa kapana-panabik na laro sa pagitan ng PBA Legends at EAC Generals sa inagurasyon ng Valenzuela City Astrodome, Disyembre 2012.



# Mga parangal na natamo ng Lungsod ng Valenzuela

para sa serbisyo at pamamahala



**GALING POOK AWARD** for innovations and excellence in local governance for "3S (Simple Speed Service) in Public Service Program," Galing Pook Foundation, 2012

**MANILA 40 UNDER 40 INTERNATIONAL DEVELOPMENT LEADERS** for Mayor Sherwin T. Gatchalian, Development Executive Group (Devex), 2013

**MOST BUSINESS-FRIENDLY LGU - HIGHLY URBANIZED CITY CATEGORY**, for outstanding efforts in instituting good governance reforms to promote trade and investment, and to ensure transparency and accountability, Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI) 2012

**THE OUTSTANDING YOUNG MEN (TOYM) HONOREE FOR PUBLIC SERVICE**, for Mayor Gatchalian's more than a decade of commitment in "changing people's lives," Junior Chamber International (JCI) Philippines, 2011

**LOCAL GOVERNMENT UNIT LUMINARY**, 1st Meralco Luminaries Award, 2011

**TOP 1 BEST GOVERNED HIGHLY URBANIZED City for 2010**, Department of the Interior and Local Government (DILG), 2011

**ONE OF THE BUSINESS-FRIENDLY CITIES** in the country for 2011, The World Bank and the International Finance Corporation (4th in the Ease of Starting a Business, 6th in the Ease of Dealing with Construction Permits and first in the Ease of Registering Property out of 25 Cities and 183 economies compared)

**DOÑA AURORA ARAGON QUEZON AWARD**, prestigious medal for Mayor Gatchalian's highly-distinguished leadership and outstanding achievements, Philippine Red Cross, 2011

**CHAPTER OF THE YEAR - CATEGORY A**, for excellent implementation of programs and management of resources, Philippine Red Cross, 2009-2010

**MOST OUTSTANDING LGU COOPERATIVE DEVELOPMENT OFFICE** in the National Capital Region, Cooperative Development Authority (CDA), 2012

**BEST IN INFANT AND YOUNG CHILD FEEDING INITIATIVES**, for outstanding breastfeeding program and child nutrition advocacies, Department of Health - National Nutrition Council (NNC) - NCR, 2012

**BEST SANITATION PRACTICES AWARD (National Capital Region)**, for strategies to meet Millennium Development Goal 7 - Ensure Environmental Sustainability (Barangay Coloong Health Center), Center for Health Development, 2011

**BEST PUBLIC EMPLOYMENT SERVICE OFFICE** in the National Capital Region, Department of Labor and Employment, 2010

**NATIONAL HOUSING AUTHORITY (NHA) CITATION**, "for contribution in advocating and promoting efficient delivery of housing strategies, programs and projects in 2010

**CULTURE-FRIENDLY LOCAL GOVERNMENT UNIT**, National Commission for Culture and the Arts (NCCA), 2009

**REVENUE GENERATION EFFICIENCY RANKING**, Second Place in Metro Manila, for registering a record high 109.5 percent increase in collection efficiency, Department of Finance (DOF) - Bureau of Local Government Finance (BLGF), 2008

**BEST SPECIAL WEAPONS AND TACTICS (SWAT) TEAM** in the National Capital Region, National Police Commission, 2009

**BEST MAYOR IN CAMANAVA**, for outstanding and invaluable support to peace and order efforts of the PNP and the Valenzuela City Police Station; National Police Commission, 2008

**BEST PEACE AND ORDER COUNCIL, Second Place (NCR)**; high rating received is attributed to the support of Peace and Order Chairman and City Mayor to Valenzuela City Police Station and his "Valenzuela Police Station Capability Enhancement Program," Department of the Interior and Local Government, 2007



*Most Business-Friendly Highly Urbanized City, 2012*



*National Housing Citation, 2011*



*The Outstanding Young Men (TOYM), 2011*




*Galing Pook Award, 2012*

**An Anti-Graft and Corruption Platform of the City Government of Valenzuela to Guarantee Transparency and Good Governance**

# 3S

CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA
METROPOLITAN MANILA

## SIMPLE
## SPEED
## SERVICE

**SIMPLE Processes**
*Streamlining of procedures to ensure comfort and convenience of the public.*

**SPEED in Delivery**
*Investment on technology to quickly process every transaction.*

**SERVICE Excellence**
*Fast and efficient quality service to all.*

www.valenzuela.gov.ph

info@valenzuela.gov.ph Valenzuela City @valenzuelacity



**CITY GOVERNMENT OF VALENZUELA**


MacArthur Highway, Barangay Karuhatan,
Valenzuela City, Metro Manila, Philippines 1440
[632] 352.1000 [632] 292.0211

www.valenzuela.gov.ph

info@valenzuela.gov.ph Valenzuela City @valenzuelacity